DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF ZAMBO. DEL NORTE
DIPOLOG CITY 7100
RELEASED
DepED 25 JAN 2016
NAME/SIGNATURE

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 039, serye 2016

Para sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mababang Paaralan
Guro sa Filipino

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **Pagsubaybay sa Angat Gurong Filipino (AGF) Program**

Petsa: Enero 25, 2016

---

1. Alinsunod sa Memorandum Pansangay Blg. 73, serye 2014 na may paksang " Mga Gawain sa Filipino bilang Panlunas sa Pagbasa at Pagpapayaman sa Sining ng Pagbibigkas," pinalabas noong Agosto 11, 2014, bilang pagpapabisa ng "Every Child A Reader Program" at pagtalima sa mga programa ng Kagawaran ng Edukasyon sa pagkamit ng kapaki-pakinabang na literasi ng mga mag-aaral, ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay puspusang magsubaybay/monitor sa pagpapatupad at pagpapalaganap sa naturang mga gawain sa Filipino.

2. Ang Angat Gurong Filipino (AGF) Program ay programang maglilinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pag-unawa at maghasa ng mga kabataan sa pagkakaroon ng *self study habits* gamit ang mga modyul para sa bawat baitang mula Baitang 1 hanggang Baitang 5 at ng Kalipunan ng mga Maikling Kuwento ( Baitang 3), Kalipunan ng mga Alamat (Baitang 4), Kalipunan ng mga Pabula (Baitang 5) at Kalipunan ng mga Parabula (Baitang 6).

3. Pinaigting din ng Sangay ng Zamboanga del Norte ang paggamit ng "Kalipunan Ng Mga Pagsasanay (Baitang 6) bilang mga lunsarang gawain sa pagsasanay ng mga NAT-like aytem sa pang-araw-araw na paglilinang ng mga leksiyon sa Filipino 6.

4. Ang mga Punungguro ng Mababang Paaralan ay inaatasang magsubaybay ng Angat Gurong Filipino (AGF) program sa kani-kanilang paaralan at isumite sa Tagamasid Pampurok na siyang gagawa ng pagsusuma/consolidated na ulat hinggil nito at inaasahang matanggap ng Sangay sa darating na Marso 30, 2016.

5. Kalakip Blg. 1 ng Memorandum na ito ang **Monitoring tool** na gagamitin ng mga Tagamasid Pampurok at Punungguro sa pagsusuri ng mga modyul.

6. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Kalakip ng Memorandum Blg. 039 s. 2016

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga del Norte
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lunbgsod ng DipologP

## GABAY SA PAGMONITOR NG ANGAT GURONG FILIPINO PROGRAM (AGF)

**PAARALAN:**

| | Baitang1 | Baitang 2 | Baitang 3 | Baitang 4 | Baitang5 | Kalipunan ng mga Pagsasanay | Kalipunan ng mga Kuwento | Kalipunan ng mga Alamat | Kalipunan ng mga Pabula | Kalipunan ng mga Parabula | I |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pangalan ng Guro | 5 SBL | 1 TBL | PMS | LMS | S 5 | Baitang 6 | Baitang 3 | Baitang 4 | Baitang 5 | Baitang 6 | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |

***5SBL – Limang Salita Bawat Linggo**
**1TBL – Isang Talata Bawat Linggo**
**PMS – Pagpapahalaga sa Magkasingkahulugan na Salita**
**LMS – Linangin ang Magkasalungat na Salita**

**Sinususuri ni:** ______________________________

**Punungguro**

Kalakip ng Memorandum Blg. 039 s. 2016

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga del Norte
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lunbgsod ng DipologP

# GABAY SA PAGMONITOR NG ANGAT GURONG FILIPINO PROGRAM (AGF)

**DISTRITO:**

| | Baitang1 | Baitang 2 | Baitang 3 | Baitang 4 | Baitang5 | Kalipunan ng mga Pagsasanay | Kalipunan ng mga Kuwento | Kalipunan ng mga Alamat | Kalipunan ng mga Pabula | Kalipunan ng mga Parabula |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Paaralan | 5 SBL | 1 TBL | PMS | LMS | S 5 | Baitang 6 | Baitang 3 | Baitang 4 | Baitang 5 | Baitang 6 |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | |

*5SBL – Limang Salita Bawat Linggo
1TBL – Isang Talata Bawat Linggo
PMS – Pagpapahalaga sa Magkasingkahulugan na Salita
LMS – Linangin ang Magkasalungat na Salita

Sinususuri ni: ______________________________
Tagamasid Pampurok